## Paano ito gumagana

Itinatakda namin ang iyong taunang deductible at family maximum sa Enero 1 ng bawat taon. Ang mga ito'y batay sa iyong income mula two years ago. Dapat kang mag-file ng income tax bawat taon upang mintinahin ang iyong Fair PharmaCare coverage.

Oras na umabot ka na sa iyong deductible, babayaran ng PharmaCare ang 70% ng eligible na gastos. Patuloy mong babayaran ang 30% ng mga eligible na gastos hanggang umabot ka sa iyong family maximum.

Kung ikaw o ang iyong asawa ay ipinanganak bago noong 1940, babayaran ng PharmaCare ang 75% ng iyong eligible na gastos pagkatapos mong umabot sa iyong deductible.

**Deductible:** Ang halagang babayaran mo para sa mga eligible na gastos bago ka humingi ng tulong.

**Family maximum:** Ang pinakamalaking gagastusin mo sa mga eligible na gastos sa isang taon. Oras na umabot ka na sa iyong family maximum, babayaran ng PharmaCare ang 100% ng eligible na gastos.

**Eligible na gastos:** Ang pinakamataas na halagang babayaran ng PharmaCare para sa isang gamot o serbisyo ng pharmacy. Ang mga eligible na gastos lamang ang mapupunta sa iyong deductible at family maximum.

## Ano ang kailangan mo upang magrehistro

Para sa bawat miyembro ng iyong pamilya:

- Pangalan
- Petsa ng kapanganakan
- 10-digit Personal Health Number

Para sa iyo at sa iyong asawa (kung may asawa ka):

- Social Insurance Number (SIN)
- Net income (Line 23600 mula sa iyong CRA Notice of Assessment mula 2 years ago)
- Kung naaangkop, Registered Disability Savings Plan income (Line 12500))

Kung kailangan mo ng tulong sa pag-file ng iyong income tax, o kung kailangan mo ng kopya ng iyong Notice of Assessment, kontakin ang CRA sa: 1-800-959-8281

## Kailan magsisimula ang coverage

Magkakaroon ka kaagad ng temporary coverage kung nagrehistro ka online o sa telepono. Kung nagrehistro ka sa mail, ang temporary coverage ay magsisimula oras na naproseso namin ang iyong registration form.

Pagkatapos namin i-check sa CRA ang iyong income, itatakda namin ang iyong deductible at family maximum para sa natitirang taon.

## Magrehistro na ngayon

| | |
|---|---|
| **Online:** | www.gov.bc.ca/AHDC |
| **Sa telepono:** | 1-800-663-7100 (libreng matatawagang numero) o kaya 604-683-7151 (Lower Mainland)<br><br>Lunes hanggang Biyernes 8 a.m. hanggang 8 p.m.<br>Sabado mula 8 a.m. hanggang 4 p.m. |
| **Gamit ang mail:** | Health Insurance BC, Fair PharmaCare<br>P.O. Box 9684 Stn Prov Govt<br>Victoria BC, V8W 9P7<br><br>I-print ang form na makikita online o kaya'y tawagan kami upang maipadala namin ito sa iyo sa mail. |

May impormasyon tungkol sa Fair PharmaCare na available sa iba't-ibang wika online at sa telepono.


### Humingi ng tulong sa pagbayad ng iyong deductible

Maaari mong bayaran ang iyong deductible bilang monthly installments at maaari kang makakuha ng tulong kaagad sa mga eligible na gastos – na parang nabayaran mo na ang iyong deductible. Tawagan kami upang magtanong tungkol sa Monthly Deductible Payment Option.

Kung ang iyong family income ay bumaba nang mahigit sa 10% pagkatapos kinalkula ang iyong deductible, maaari kang mag-apply para sa mas mababang deductible.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa income reviews, magpunta sa www.gov.bc.ca/fairpharmacare.

[Filipino]



# Fair PharmaCare Plan

Tinutulungan ka at ang iyong pamilya na magbayad para sa mga de-resetang gamot.

Magrehistro na ngayon!

BRITISH COLUMBIA | BCPharmaCare

T79415_B_Filipino_100119 FP.indd 1
2022-08-25 1:12:12 PM

## Fair PharmaCare Plan

Ang Fair PharmaCare ay isa sa 12 plans ng BC PharmaCare. Ang plans ay tumutulong sa B.C. residents na bayaran ang ilan sa kanilang:

- Mga de-resetang gamot
- Medical devices at supplies
- Mga serbisyo ng pharmacy, tulad ng flu vaccinations

Ang Fair PharmaCare plan ay batay sa kabuuang kita ng iyong pamilya. Kapag mas mababa ang iyong kita, mas marami kang tulong na makukuha. Ang isang pamilya ay maaaring isang single na tao o isang couple—mayroon man silang anak o wala.

Ang coverage ay batay sa net income mula two years ago. Kapag nagrehistro ka para sa Fair PharmaCare, pinahihintulutan mo ang PharmaCare na i-check sa Canada Revenue Agency (CRA) kung ano ang iyong income bawat taon.

Libre ang magrehistro.

Kapag nag-fill ka ng isang prescription o de-resetang gamot, ang bahagi ng PharmaCare sa gastos ay awtomatikong kinakalkula kapag binili mo ang de-resetang gamot. Babayaran mo lamang ang gastos na hindi sinasakop ng PharmaCare.


## Eligibility

Maaari kang magrehistro para sa Fair PharmaCare kung:

- Ikaw ay isang B.C. resident
- Ikaw ay fully enrolled sa BC Medical Services Plan (MSP)
- Mayroon kang Social Insurance Number (SIN)
- Nag-file ka ng income tax sa CRA two years ago

Kung hindi ka nakapag-file ng income tax two years ago (hal., nagtrabaho ka sa labas ng Canada), tawagan kami.

## Regular na Tulong ng Fair PharmaCare




| Family income | Deductible | Family maximum |
|---|---|---|
| $0 – $13,750 | Wala.<br>100% ng iyong mga eligible na gastos ang babayaran kaagad ng Fair PharmaCare. | Wala. |
| $13,750.01 – $30,000 | Wala. 70% ng iyong mga eligible na gastos ang babayaran kaagad ng Fair PharmaCare. | $100 – $800 |
| $30,000.01 – $45,000 | $650 – $1,300 | $900 – $1,700 |
| $45,000.01 – $87,500 | $1,400 – $2,500 | $1,875 – $3,350 |
| $87,500.01 – $125,000 | $2,750 – $3,500 | $3,675 – $4,675 |
| $125,000.01 – $250,000 | $4,000 – $7,000 | $5,350 – $9,350 |
| $250,000.01 at pataas | $8,000 – $10,000 | $10,000 |

Kung ikaw o ang isang indibidwal sa iyong pamilya ay ipinanganak bago mag-1940, maaaring mas mababa ang iyong deductible at family maximum.

Maraming employer health plans ang mag-uutos sa iyo na magrehistro para sa Fair PharmaCare. Kadalasan nilang binabayaran ang deductible at ang iyong bahagi ng gastos para sa de-resetang gamot.

T79415_B_Filipino_100119 FP.indd 2
2022-08-25 1:12:12 PM